# Ama Namin

A Lord's Flock General Assembly Topic
Ni: Fr. Peter TIENG
Nobyembre 11, 2023

Madalas, nagdadasal tayo kapag mayroon tayong pangangailangan o kaya nawawalan na tayo ng pag-asa. Gayunpaman, alalahanin natin na ang unang pokus ng panalanging Ama Namin ay sa Diyos, bago ang ating mga pangangailangan. Nagtanong ang mga alagad: Panginoon turuan Ninyo kaming magdasal. Bilang mga alagad, gusto nilang magaya si Hesus. Tulad din natin, gusto nating maging disipulo/alagad at gayahin si Hesus. Itinuro Niya ang panalangin sa Kanyang Ama, ang "Ama namin" (Mateo 6-9-13). Ito ang panalangin ng pamilya na ang galit ay napapalitan ng pag-ibig, ang pag-aalinlangan sa pananampalataya, at kalungkutan sa kagalakan (Lucas 11:2-4).

**1. Ano ang mga sagabal sa panalangin?**

1.1. Kapag nag-aalinlangan tayo sa Diyos, hindi Niya ipagkakaloob anuman ang ating hinihiling (Santiago1:5-8).

1.2. Kung pansarili lamang ang ating hinihingi o para lamang sa ating mga luho (Santiago 4:3).

1.3. Kung may galit, sama ng loob, o kaya di pa nakapagpatawad (Awit 66:18).

1.4. Kung ang asawang lalaki ay hindi pinapahalagahan ang kanyang may-bahay (1Pedro 3:12).

2. **Ano ang ibig sabihin ng "AMA NAMIN"?**

2.1. Tinawag ni Hesus ang Diyos na "AMA NAMIN". Kabilang tayo sa pamilya ng Diyos at tayo ang Kanyang mga anak. "Ako ang daan, ang katotohanan at ang buhay; walang makapupunta sa Ama kundi sa pamamagitan Ko" (Juan 14:6).

2.2**. "Sumasalangit Ka."** Nananahan ang Diyos sa langit. Ang buhay natin sa mundo ay paglalakbay patungo sa tahanan ng Ama sa langit. Kaya, sa ganitong pananaw, kailangan nating suriin ang ating mga priyoridad. Ano ang higit nating pinapahalagahan? Ano ang higit nating nabibigyan ng oras at atensyon?

2.3**. "Sambahin ang Ngalan Mo."**Ang Diyos ay tunay na banal. Nananalangin tayo na gawin Niya tayong banal. Pagsumikapan nating umasa lagi sa Diyos.

2.4. "**Mapasaamin ang Kaharian Mo."** Ang ating Diyos ay Hari. Kaya kailangan nating matutong sumunod sa Kanya. Saan ang kahariang ito? Kung nasaan si Hesus, andun ang kaharian. Si Hesus ay nasa Eukaristiya. Ang simbahan ay kung saan nagtatagpo ang langit at lupa.

2.5. "**Sundin ang loob Mo dito sa lupa para ng sa langit."** Nananalangin tayo na nawa ang ating mga puso ay mabago upang makasunod sa kalooban ng Ama (hindi ang gusto natin ang masunod)." Sundin ang loob Mo" ay pagpapahayag ng ating pagtitiwala sa Diyos. Babaguhin Niya ang ating isip, pagpili, para makita natin ang mga bagay-bagay ayon sa Kanyang pananaw. Nais Niya tayong mamuhay sa perpektong paraan.

2.6. "**Bigyan mo kami ng aming kakanin sa araw-araw."** Ang manna ay mapaghimala "tinapay mula sa langit" na ibinigay ng Diyos para sa mga Israelita (Exodu 16). Araw-araw nagtitiwala tayo sa Diyos na ibibigay Niya ang ating mga pangangailangan, hindi ang ating mga kagustuhan. Bilang mga anak ng Diyos kailangan natin ang Eukaristiya.

2.7. "**Patawarin Mo kami…** "Kapag tayo ay nananalangin, ipinapaalala sa atin na si Hesukristo ay namatay sa krus para sa atin. Nagkasala tayo kaya dapat humingi tayo ng kapatawaran.

2.8. **"Huwag mo kaming ipahintulot sa tukso."** Ang tukso ay laging dumarating sa atin. Manalangin tayo kung tayo'y naguguluhan, hindi tayo hahayaan ng Diyos na masunog. Tutulungan Niya tayong mapagtagumpayan ang ating mga pagsubok.

2.9. "**Iadya Mo kami sa lahat ng masama.**" Hindi ibig sabihin na hindi na tayo maghihirap o magkakasakit. Hindi ito maiiwasan. Dahil sa mga pagsubok na ito nagiging malapit tayo sa Diyos.

**Konklusyon**: Ibig sabihin ng "**Amen**" ay umaayon tayo. Maganap nawa ang mga ito. Pahalagahan natin ang pagdadasal ng Ama Namin.

**Pagninilay:** Ano ang bago mong pananaw sa pagdadasal ng "AMA NAMIN"? Paano ka magbabago upang makasunod sa Kanyang kalooban?

**Isinalin ni:** Sis. Thess P. Sarmiento
**Na-edit ni :** Sis Nida Cruz
**For more teachings, visit our website:https://lordsflock.org/digests**
Tags:#Ama Namin#Panalangin ng Diyos